REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

***Senate***

Pasay City

**JUAN EDGARDO "SONNY" ANGARA**

Senator

Ika-22 ng Hunyo 2018

**ATTY. DOMINADOR R. BUHAIN**
*Chairman/President*
Rex Group of Companies



**G. BUHAIN**,

Isang magandang araw po sa inyo at sa mga bumubuo ng Rex Group of Companies.

Unang-una, taos-puso ko pong ipinaaabot ang aking papuri sa inyong kumpanya kaugnay ng inyong napakaganda, kapaki-pakinabang at napakahalagang proyektong **BMK** (*Barangay Management Kit*) na magsisilbing inspirasyon sa lahat ng punung-barangay sa bansa.

Ako po, bilang chairman ng local government committee ng Senado, kasama po sa mga batas na aking isinusulong ang pag-aangat sa pinaka-ugat ng gobyerno – ang mga barangay. Hangad ko po na makabilang sa pag-unlad ng buong bansa ang bawat lokalidad, partikular ang mga sangay na ito.

Ang inyo pong proyekto ay kapuri-puri sapagkat hinahangad nitong maging epektibo at maging maayos sa kanilang pamumuno ang mga punung-barangay, maging responsable at umiwas sa anumang katiwalian.

Ang barangay ang panungahing takbuhan ng mamamayan bilang unang baitang ng tulong kaya't sa pamamagitan po ng inyong proyekto, tiyak na mas mapalalakas ang sangay na ito ng gobyerno.

Hangad po ng inyong lingkod ang tagumpay na inyong isinusulong.

Gumagalang at nagpapasalamat,

**SENATOR SONNY ANGARA**

Room 521, GSIS Building,
Financial Center, Roxas Boulevard
Pasay City

Tel No. (632) 552-6779
Fax No. (632) 552-6852
Email: sensonnyangara@yahoo.com